
# Impormasyon tungkol sa Paghihiwalay at Pagdidiborsyo sa relasyon sa pagitan ng:

## Mag-asawa
## Rehistradong Pakikipagrelasyon ng Magka-parehong Kasarian
## Nagsasama pero hindi kasal



### Ako ay kasal/nakapaloob sa isang rehistradong pagsasama at nais makipaghiwalay. Anong mga hakbang ang dapat kong gawin?

Maaari kang humingi ng proteksyon para sa mag-asawa sa lokal na Hukumang Pangdestrito Kautusang sa iyong distrito. Ang hakbang na ito ay maaari mong simulan nang mag-isa o sa pamamagitan ng legal na representasyon. Para sa unang konsultasyon sa abogado o kawani o sa pagdinig sa korte, magdala ng mga sumusunod na dokumento hanggat maaari:

- mga dokumento kaugnay ng iyong sitwasyong pinansiyal (halimbawa, deklarasyon at resibo ng buwis sa huling dalawang taon, resibo ng iyong sweldo, mga resibo ng iyong mga regular na gastos, bank account statement sa huling tatlo hanggang anim na buwan)
- mga naitalang kwento o datos ng kasaysayan ng relasyon (importanteng datos at pangyayari tulad ng karahasan ng asawa, medical records, iba pang dokumento tungkol sa mga kriminal na paglilitis, o mga hakbang sa proteksyon laban sa karahasan.)

### Magkano ang magagastos sa paglilitis ng kasunduang mag-asawa at sino ang magbabayad sa Abogado?

Kung ikaw ay kapos sa pambayad, ikaw o ang iyong abogado ay maaaring humiling ng libreng suportang legal. Kapag ito ay ipinagkaloob, babayaran muna ng gobyerno ang korte at mga abogado. Sa panahong bumuti ang iyong pinansyal na kalagayan sa loob ng sampung taon, maaaring hihilingin ng korte na mabayaran mo ang mga gastos sa loob ng sampung taon. (Impormasyon ukol sa suportang legal). Kung may kakayanan kang bayaran ang abogado, makipag-ugnayan sa Counseling Center o abogado upang alamin ang gastos sa paglilitis ng kasunduan (settlement proceedings).

### Ano ang maaaring mapagkasunduan mula sa paglilitis?

Maaaring pagdesisyunan ng korte ang alinman sa mga sumusunod na usapin kapag iyong hiniling:

- Sino ang mananatili sa bahay
- Responsibilidad sa pag-aalaga ng mga bata
- Sustento
- Hatian sa ari-arian ng mag-asawa

### Paano kung lumala ang sitwasyon ng pang-aabuso kung malaman ng aking karelasyon na gusto kong makipaghiwalay?

Kung ang iyong partner ay marahas o nagbabanta ng karahasan laban sa iyo o sa iyong mga anak, maaaring agarang magpatupad ang Pulisya ng mga hakbang na protektahan ka. (Violence Protection Act). Maaaring ipag-utos ng pulis ang pagpapaalis ng iyong partner sa bahay, o ipagbawal siyang lumapit sa iyo at sa mga bata, o kahit man sa inyong bakuran at mga kapitbahay sa loob ng 14 na araw. Sa loob ng 8 araw, maaari mong hilingin na pahabain pa ang Kautusang ito nang 3 buwan. Maaari ka ding humingi ng libre na payo sa mga support centers nang walang nakakaalam. Itong tatlong buwan ay sapat na upang makakuha ng kautusan ng korte para sa paghihiwalay. Kung ikaw ay natatakot pa rin sa maaaring pagbabanta ng iyong partner sa kabila ng mga hakbang pamproteksyon, maari kang humingi sa Hukumang Pandistrito na ipagbawal ang kontak niya sa iyo o na makalapit siya sa iyong Distrito. (protection of legal personality ayon sa Swiss Civil Code of Conduct 28 b). Ito ay maaaring isabay sa paghingi ng pakikipaghiwalay. Makipagkonsultahan sa isang abogado o sa aming opisina para sa usaping ito. Nagbibigay ng kumprehensibong proteksyon ang aming mga Women's Shelter kung natatakot ka na hindi tumutupad sa mga patakaran ang iyong asawa.

### Paano kung kailangang maghiwalay agad?

Maaari kang mag-apply para sa mga pansamantalang hakbang habang nililitis ang mga usapin ukol sa proteksyon sa kasunduang mag-partner (matrimonial proceedings). Para gawin ito, kailangan kang magpakita ng mga katibayan ng karahasan at agarang pangangailangan nito, at ipaliwanag ang maaaring pinsalang idudulot kung hindi ito agad ipagkaloob ng korte, kahit na hindi pa naririnig ang salaysay ng akusado. Ang korte ay agarang magsisimula, kasabay ng paglilitis ng mga usapin sa pagitan ng mag-asawa. Mataas ang mga rekisito ng probisyunal na hakbang. Makipag-ugnayan sa victim advice centers o sa abogado bago isagawa ang hakbang na ito.

### Kanino mapupunta ang inyong tirahan?

Ito ay ipinagkakaloob sa taong higit na nangangailangan nito, at karaniwan ay sa magulang na pangunahing nag-aalaga sa mga bata pagkatapos ng paghihiwalay. Kung nais mong manatili sa inyong tirahang mag-asawa, hilingin mo ang:

- Petsa ng pag-alis ng iyong partner (ilang araw hanggang dalawang buwan). Kung hindi ka nagtitiwala na kusang aalis ang iyong partner, ipagsangguni sa Munisipyo para sa awtorisasyon ng eviction notice.
- Pagbabalik ng lahat ng mga susi upang di makapasok ang iyong partner na wala kang pahintulot. Palitan ang kandado kung di ka nakakasiguro na naibalik ang lahat ng susi at patuloy ang kanyang pagbabanta.

### Saan titira ang mga bata?

Karaniwan, ito ay ipinagkakaloob sa magulang na pangunahing nag-alaga sa kanila at maaari pang magpatuloy sa paggawa nito. Binibigyang priyoridad ng mga korte ang kapakanan ng mga bata at karaniwang pinagsasama ang mga magkakapatid. Maaaring magbigay ang mga batang nagkakaedad ng 6 pataas ng testimoniya sa korte.

### Gaano kadalas mapapayagang makita ng partner ko ang aming mga anak?

Ayon sa batas, ang parehong magulang ay may parehong kustodiya (joint custody) at magkatuwang na responsibilidad sa pangangalaga kahit pagkatapos ng paghihiwalay. Ang parehong magulang ay may karapatang magkaroon ng personal na pakikipag-ugnayan sa mga anak. Maaari kayong makahanap ng kasunduan ng kabilang Partido at ipa-apruba ito sa korte. Tiyakin na may napagkasunduang mga oras ng paglipat ng mga bata

at may mga kasunduan para sa bakasyon at mga public holidays tulad ng Easter, Pentecostal at Pasko.

Kung ang iyong partner ay nagbanta o nanakit din sa mga bata, o kung may mga marahas (at lumalalang) sitwasyon na nagaganap sa tuwing nagsasalinsinan ng pangangalaga sa mga bata, maaari kang mag-aplay para sa supervised na dalaw o sa tulong ng visiting rights assistance. Ang tuluyang pagtanggal ng karapatan ng aruga sa mga bata ay ipinagkakaloob lamang ng korte kung may matinding panganib ito sa mga bata. Sa pangkaraniwan, ito ay iginagawad sa limitadong panahon lamang.

Ang korte ang magdedesisyon sa kalagayan na hindi mapagkakasundo ang mga partido sa kustodiya. Ang korte ay maaaring magtalaga ng sariling representatibo para sa mga bata o maaari ka ring mag-aplay sa korte para dito. Ang representatibo para sa mga bata ay eksklusibong kumakatawan sa interes ng mga bata. Ang mga gastos ay kailangang sagutin ng mga magulang ngunit maaari ring sagutin ang gastusing Panligal na tulong para sa mga karapat-dapat na kaso.


## Saan kami aasa ng ikabubuhay?

Maaaring abutin ng ilang linggo o buwan bago magkaroon ng bisa ang hatol ng hukuman sa usapin ng panustos sa mga gastusin. Upang makasigurado, magrehistro sa Serbisbyong Panlipunan (Social Welfare Service) kasabay ng pagrehistro para sa matrimonial na proteksyon. Kung ikaw ay gipit o walang mapagkukunan ng pambayad, ikaw ay may karapatang makatanggap ng tulong-pinansya mula sa estado. Kung ikaw at ang iyong partner ay may joint account o joint credit card

- kung maaari, maglabas ng pera na kakailanganin para sa tatlong buwan mula sa bank account o credit card kung ito ay nasa pangalan ng partner mo, at wala kang sapat na ipon.
- agad i-block ang karapatan ng iyong partner na magamit ang bank o credit account na nasa pangalan mo

Sa paglilitis ng proteksyon sa kasunduang mag-asawa, ang mga pangangailangan ng dalawang kabahayan ay titiyakin at ibabawas mula sa magkahiwalay na kita ng mag-asawa. Kung may sobrang kita pagkatapos ibawas ang mga batayang gastos, ang matitira ay pangunahing gagamitin sa pangangailangan ng mga bata, at pangalawa ay para sa kulang na gastusin ng partner. Kung ang mga gastusin ay mas malaki pa rin sa inyong kita at mga kontribusyon, ikaw ay maaaring makatanggap ng social assistance. Sa kaso ng paghihiwalay, ikaw ay may karapatan sa pang-araw-araw na benepisyo para sa mga walang trabaho, kahit pa na ikaw ay walang trabaho sa kasalukuyan.

Ang sustento para sa mga bata na itinalaga ng korte ay maaaring maagap na ipauna ng estado. Ang advance payment ay batay sa maksimum na gastos ng bata para sa AHV/IV pension (Fr. 980 noong 2023) ay maaaring bayaran muna ng estado. Hindi dito kasali ang gastos mo. Ang opisina na tagasingil sa iyong distrito ang siyang maniningil mula sa partido na may pagkakautang sa iyo.



## Maaapektuhan ba ng aming paghihiwalay ang aking residence permit?

Ang karapatan na manirahan sa Switzerland ay madalas na konektado sa iyong partner (Permit B im Familiennachzug). May mga pagkakaiba sa pagitan ng mga mamamayan ng mga bansang EU, na kadalasan ay may mas naunang dahilan para manatili sa Switzerland, at ng mga mamamayan ng mga bansang hindi kasapi ng EU (third-country nationals). Para sa mga third-country nationals, posible ang pag-extend ng Residence Permit kung sila ay kasal at nanirahan nang magkasama sa Switzerland nang hindi bababa sa tatlong taon at matagumpay na nakapag-integrate. Gayunpaman, maaari ka rin maglahad ng mahahalagang personal na dahilan, lalo na kung ikaw ay naging biktima ng karahasan sa relasyon o kung ang iyong panlipunang reintegrasyon sa iyong bansang pinagmulan ay nasa seryosong panganib. Ipunin ang mga posibleng ebidensya tulad ng mga medical certificate, ulat mula sa mga women centers o mga Counseling Centers, o mga police orders. Ang Residence Permit ay hindi dapat maging dahilan upang tiisin ang karahasan sa tahanan. Kami ay magpapayo sa inyo nang libre at kumpidensyal sa usaping ito.

## Ano ang mangyayari sa paglilitis ng proteksyon sa kasunduang mag-partner (matrimonial proceedings)?

Alamin ang proseso ng paglilitis para sa proteksyon ng kasunduang mag-partner (matrimonial proceedings) mula sa isang Counseling Center, ligal na representatibo o abogado, o sa korte. Kung pupunta ka sa korte nang walang ligal na representatibo o abogado:

- Huwag pumirma ng kasunduan kung hindi ka sigurado, o
- Pumirma, ngunit igiit ang 10-araw na reserbasyon para sa pagbawi. Ipa-review ang kasunduan sa ligal na representatibo o abogado sa loob ng 10 araw, at bawiin ito kung kinakailangan bago ang takdang panahon.

Ang mga bata ay hindi maaaring dalhin sa paglilitis na ito (matrimonial proceedings). Maglaan ng buong araw para sa sarili at maghanap ng tagapag-alaga ng bata upang maiwasan ang stress kung sakaling tumagal ang paglilitis. Maagap na humingi ng Tagasalin mula sa korte kung hindi mo pangunahing wika ang German at hindi ka sigurado na mauunawaan at maipapaliwanag nang malinaw ang lahat sa German.

## Ano ang magagawa ko tungkol sa isang hatol?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa hatol ng paglilitis, dapat kang humiling ng nakasulat at detalyadong hatol sa loob ng 10 araw. Kung natanggap mo na ang detalyadong hatol, maaari kang maghain ng apela sa loob ng itinakdang panahon (tingnan ang impormasyon tungkol sa legal na rekurso sa dulo ng hatol). Kapag lumipas ang panahong ito nang walang aksyon, ang hatol ay legal at iiral na. Maaari ka lamang humiling ng pagbabago kung ang sitwasyon mo ay malaki at permanenteng nagbago mula noong ibinigay ang hatol.

## Paano kung magkaayos kami?

Kung muli kayong magsasama ng iyong partner, ang hatol ay agad na mapapawalan ng bisa pagkaraan ng halos apat na linggo. Kung may bagong paghihiwalay pagkatapos nito, kailangang muling magsimula sa isang bagong proseso ng matrimonial proceedings.

## Mas makakabuti ba sa akin na humingi ng agarang diborsyo?

Ang diborsyo ay maaaring gawin anumang oras kung pareho kayong sumasang-ayon at kinumpirma ninyo ang inyong hangarin sa harap ng Hukumang Pandistrito. Gayunpaman, kadalasang binabawi ang kumpirmasyong ito. Kayat ang pagsisimula ng isang matrimonial proceedings ay mas mabilis upang maayos ang mga isyu ukol sa sustento, pamamahagi ng tirahan, at mga responsibilidad sa pangangalaga ng bata. Ang diborsyo na laban sa kalooban ng isa sa mga mag-partner ay maaari lamang gawin pagkatapos

ng itinakdang dalawang taon na panahon ng paghihiwalay. Sa mga kasong hindi na kayang ipagpatuloy ang kasal, maaaring maghain ng unilateral o magkaisang-panig na kaso para sa diborsyo. Gayunpaman, malaki dito ang nakataya, kung kayat kapag pinagtatalunan ang mga dahilan para sa diborsyo, ang proseso ay maaaring magtagal—madalas higit sa dalawang taon. Sa ganitong mga kaso, ang matrimonial proceedings ay maaaring magbigay ng mas mabilis na kalinawan. Magtanong sa mga Counseling Centers, ligal na representatibo o abogado, o sa korte.

## Ano ang magagawa ko kung ako ay pinilit na magpakasal?

Ang malayang pagpili ng partner ay isang karapatan para sa lahat ng naninirahan sa Switzerland. Ipinagbabawal ng batas ng Switzerland ang mga pwersadong pagpapakasal, ito man ay naganap sa ibang bansa o sa Switzerland. Makipag-ugnayan sa www.zwangsheirat.ch o sa Counseling Centers para sa mga biktima. Makakatanggap ka ng libreng payo at suporta sa iba't ibang wika.

## Paano ko mawawakasan ang isang Rehistradong Pakikipagrelasyon?

Ang mga magkaparehong kasarian na nagparehistro ng kanilang pakikipagrelasyon bago Hulyo 1, 2022, ay maaaring magsimula ng proseso ng paghihiwalay sa korte sa usaping ng kanilang tirahan. Kung hindi magkasundo ang magkapareha sa pagbuwag ng rehistradong pakikipagrelasyon, ang itinakdang panahon ng paghihiwalay ay isang taon. Sa korte, pareho rin ang mga isyung tinatalakay tulad ng sa proseso ng proteksyon ng kasal. Kung ang iyong kapareha ay nagbanta o nanakit sa iyo, maaaring magpatupad ang pulisya ng mga proteksiyon sa ilalim ng Violence Protection Act para sa iyong kaligtasan.

## Nagsasama kami ngunit hindi kami kasal, at gusto ko nang makipaghiwalay

Ang cohabitation o pagsasama pero hindi kasal ay hindi kinikilalang isang legal na anyo ng relasyon. Sa kaso ng paghihiwalay, ang mga sumusunod ay maaaring pagpahalagahan:

- Kung may mga anak kayo, ang proseso ng pagtatalaga ng mga responsibilidad sa pangangalaga ay hawak ng Kindes- und Erwachsenenschutzbehörde, (KESB) o Children and Adult Protection Authority. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Regional Legal Service.
- Kung hindi kayo magkasundo tungkol sa sustento ng bata, ang Hukumang Pandistrito sa inyong lugar ang magpapasya tungkol dito. Ang magulang na pangunahing nag-aalaga sa mga bata ay walang karapatang humiling ng suporta para sa sarili pagkatapos ng paghihiwalay. Kapag nasangkot na ang korte sa pagpapasya tungkol sa sustento ng bata, ang responsibilidad para sa pag-aayos ng pangangalaga ay lilipat mula sa KESB patungo sa korte.
- Kung sino ang mananatili sa inuupahang tirahan ay nakasalalay sa kontrata sa pag-upa at sa kooperasyon ng landlord at ng dating partner.

Dahil ang legal na sitwasyon sa paghihiwalay ng mga magkapareha sa cohabitation ay kumplikado, ipinapayo na humingi ng tulong mula sa Counseling Centers o legal na representatibo o abogado. Kung may karahasan o banta ng karahasan mula sa iyong kapareha laban sa iyo o sa mga bata, maaari kang humiling ng proteksiyon sa ilalim ng Violence Protection Act.

## Mahahalagang Address:

**Proteksyon sa Mag-Asawa:**
Lokal na Hukumang Pandestrito
Form para sa Proteksyon para sa Mag-asawa

**Suportang Pang-medikal and Sertipikasyon**
www.permanence.ch
Tel. 044 215 44 44

**Abogado / Asosasyon ng mga Abogado**
www.zav.ch
www.anwaltskollektiv.ch
www.djs-jds.ch

**Para sa mga Di Kasal at sa mga Bata**
www.zh.ch
Parental Custody

**Proteksiyon**
Emergency Number ng Pulis 117
Women's shelters:
www.frauenhaeuser.ch

**Evidence Preservation**
www.with-you.ch

**Counseling Centers at suporta para sa mga Biktima**
www.bif-frauenberatung.ch
www.frauennottelefon.ch
www.frauenberatung.ch

**Suporta para sa mga Bata**
www.kokon-zh.ch
www.okeywinterthur.ch
www.kinderanwaltschaft.ch

*Ang mga terminong naka-highlight sa teksto ay mga links sa mga website at dokumento na maaari mo ring mabuksan sa QR code na ito.*



**BIF Beratungsstelle für Frauen**
gegen Gewalt in Ehe und Partnerschaft

Postfach, 8031 Zürich
Tel. 044 278 99 99
www.bif-frauenberatung.ch
info@bif.ch

PC 87-137016-4
IBAN: CH32 0900 0000 8713 7016 4

Opferhilfe Zürich

LGBTIQ+ FRIENDLY

* *Para sa madaling pagbasa ng dokumentong ito, minabuting ginamit namin ang panlalaking anyo ng "partner". Ngunit sa katunayan, ito ay para sa lahat ng klase ng tao, anu pa man ang kanilang gender identity.*

© 2025, ed. BIF